

**KAGAWARAN NG MGA SERBISYO SA PAG-UNLAD**

1215 O Street, MS 9-90  
Sacramento, CA 95814  
TTY: 711  
(833) 421-0061



Setyembre 12, 2022

PARA SA: MGA EXECUTIVE DIRECTOR NG REGIONAL CENTER

PAKSA: PROGRAMANG SELF-DETERMINATION: MGA KABAYARAN AT  
NOTIPIKASYON NG MGA SERBISYO SA PINANSYAL NA  
PAMAMAHALA

Inaawtorisahan ng Kodigo ng Kapakanan at mga Institusyon (W&I) seksyon 4639.6 ang Direktor ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad (Kagawaran) na maglabas ng mga direktiba sa mga regional center sa tuwing itinuturing ng Direktor na kailangan upang maprotektahan ang mga karapatan, kalusugan, kaligtasan, o kapakanan ng konsumidor o alinsunod sa Kodigo ng W&I seksyon 4434. Kailangang sumunod ng mga regional center sa mga direktiba na inisyu ng Direktor alinsunod sa seksyong ito.

Bilang pagtugon sa mga pag-aalalang ipinahahatid ng mga miyembro ng pamilya at mga tagapagkaloob ng Serbisyo sa Pinansyal na Pamamahala tungkol sa mga proseso ng pag-invoice at pagbabayad, at upang matiyak na hindi nagagambala ang mga serbisyo at suportang mahalaga sa kalusugan, kaligtasan o kapakanan ng mga kalahok ng Programang Self-Determination Program, inaatasan ng Kagawaran ang mga regional center na:

1. Epektibo sa Oktubre 1, 2022, at hanggang sa mabawi ang direktibang ito, abisuhan ang tagapagkaloob ng FMS sa loob ng tatlong araw ng negosyo ng tungkol sa pagsasapinal ng planning team ng anumang pagbabago sa plano ng paggasta ng kalahok.
2. Epektibo sa Oktubre 1, 2022 hanggang Enero 31, 2023, magtakda ng iskedyul kung saan magbibigay ng kabayaran ang regional center sa mga tagapagkaloob ng FMS kada linggo, kabilang ang para sa mga serbisyong ipinagkaloob sa kasalukuyang buwan, habang isinusumite ng tagapagkaloob ng FMS ang mga invoice.

**"Bumubuo ng mga Partnership,  
Sumusuporta sa mga Pagpili"**

Mga Ehekutibong Direktor ng Regional Center  
Setyembre 12, 2022  
Ikalawang pahina

Kung ang mga kalahok at/o kanilang mga pamilya ay may mga tanong tungkol sa direktibang ito, kailangan nilang makipag-ugnayan sa kanilang regional center. Ang mga tanong mula sa mga regional center ay dapat idirekta sa [sdp@dds.ca.gov](mailto:sdp@dds.ca.gov).

Taos-puso,

*Pinirmahan ang Orihinal na Kopya ni:*

NANCY BARGMANN  
Direktor

cc: Mga Administrador ng Regional Center  
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Konsumidor ng Regional Center  
Mga Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng Regional Center  
Asosasyon ng mga Ahensya ng Regional Center  
Konseho ng Estado sa mga Kapansanan sa Pag-unlad  
Brian Winfield, DDS  
Carla Castañeda, DDS  
Jim Knight, DDS  
Ernie Cruz, DDS  
Tim Travis, DDS